BIBIGYAN-DAAN NG 2010 ONTARIO BUDGET ANG PAGLIKHA NG MGA TRABAHO AT PAGLAGO NG EKONOMIYA SA ONTARIO

Ang Balanseng Plano ng Pamahalaan ni McGuinty ay Nagproprotekta sa mga Pampublikong Serbisyo at Nagbabalangkas sa mga Gagawin upang Tanggalin ang Deficit

BALITA Ika-25 ng Marso 2010

Sa pamamagitan ng 2010 Ontario Budget, isinusulong ng pamahalaan ni McGuinty ang kanyang limang-taong plano para sa Open Ontario upang magkaroon ng mga bagong trabaho at lumago ang ekonomiya habang binabalangkas ang mga gagawin upang tanggalin ang deficit na dulot ng global recession.

Pinalawak ng Budget ang mga inisyatibo na kamakailan-lamang inanunsyo sa Speech from the Throne ng Ontario at iminumungkahi nito ang mga pamumuhanan na tutulong sa karagdagang 20,000 estudyante na mag-aral sa kolehiyo o unibersidad sa darating na Setyembre at na lilikha ng mga trabaho at magpapahusay sa paglago ng ekonomiya sa northern Ontario.

Ang Open Ontario ay itinatag sa nagawang pag-unlad sa nakaraang anim na taon upang suportahan ang paglikha ng trabaho at palawakin ang mga programa at mga serbisyo, kabilang ang edukasyon, health care at skills training na minamahalaga ng Ontarians.

Kabilang sa 2010 Budget ang mga hakbang para sa pamamahala ng mga gastos, kabilang ang pagbigay-pansin sa suweldo at gawing mas mahusay ang mga programa ng pamahalaan. Ito'y nagtatatag ng isang makatotohanang at may pananagutang plano upang kalahatiin ang deficit makalipas ang limang taon at tanggalin ito makalipas ang walong taon.

MGA SIPI

"Kumilos ang ating pamahalaan upang bawasan ang epekto ng global recession sa mga negosyo at mga pamilya sa Ontario. Kapag tayo'y nagtulungan, patuloy tayong makakagawa ng mga trabaho sa darating na maikling panahon at maitatatag natin ang pundasyon para sa paglago ng ekonomiya sa pangmatagalang panahon."
- Dwight Duncan, Minister of Finance

"Ang katungkulan ng mga ilan sa atin na sumasahod ng galing sa buwis ay tumulong panatilihin ang pag-unlad na nakamit ng Ontarians sa ating mga eskwelahan, mga ospital, at iba pang mga pampublikong serbisyo."
- Dwight Duncan, Minister of Finance

…/2

MGA BUOD NG IMPORMASYON

Kolehiyo at Unibersidad

- Pamumuhunan ng $310 milyon upang magdagdag ng 20,000 bagong lugar sa mga kolehiyo at mga unibersidad sa darating na Setyembre. Ito'y bukod pa sa paglaan ng $155 milyon sa 2009-10 upang lubos na suportahan ang paglaki ng enrolment sa mga kolehiyo at mga unibersidad, kabilang ang $65 milyon na inanunsyo sa Fall *2009 Ontario Economic Outlook and Fiscal Review (Ang Darating na Ekonomiya sa Ontario at Pagbabalik-aral sa Pananalapi para sa* Taglagas *2009)*
- Agresibong pagtataguyod sa mga kolehiyo at mga unibersidad ng Ontario sa ibang bansa upang hikayatin ang mga pinakamahusay na estudyante sa mundo na mag-aral dito, manirahan dito, at tulungan ang Ontario na magtatag ng isang mas malakas na ekonomiya
- Pagpapahusay ng kakayahan ng mga estudyante na maunawaan ang pagpapalakad ng edukasyon sa Ontario para sa mga kolehiyo at mga unibersidad sa pamamagitan ng paglaan ng karagdagang resources upang suportahan ang pagsasagawa ng isang credit transfer system.

Mga Trabaho at Paglago ng Ekonomiya sa North

- Isang tatlong-taong Northern Industrial Electricity Rate Program ng humigit-kumulang sa $150 milyon bawat taon, para sa mga malalaking kwalipikadong industriya upang bawasan ang ginagastos nila sa koryente nang humigit-kumulang sa 25 porsiyento sa pangkalahatan
- $45 milyon sa darating na tatlong taon para sa isang bagong project-based skills training program upang tulungan ang Aboriginal Peoples at northern Ontarians na lumahok at makinabang sa mga pagkakataon na magmumula sa paglago ng ekonomiya, tulad ng Ring of Fire
- Isang bagong Ring of Fire Coordinator na mamumuno sa sama-samang pagsisikap upang isulong ang pangako ng pagpapaunlad ng ekonomiya sa lugar ng Ring of Fire
- Isang iminumungkahing permanenteng Northern Ontario Energy Credit upang tulungan ang mga karapat-dapat na naninirahan sa north na mababâ at katamtaman lamang ang kinikita upang harapin ang mas mataas na gastos sa enerhiya.

Full-Day Learning (Buong Araw na Pag-aaral)

- Pagsasagawa ng full-day learning para sa mga apat at limang-taong gulang na mga bata, simula sa Setyembre 2010, na pakikinabangan ng hanggang 35,000 mga bata sa halos 600 eskwelahan
  - Ang programang ito ay unti-unting isasagawa, at ang layunin ay ang lubos na isagawa ang full-day learning pagdating ng 2015-16
  - Kapag naisagawa na nang husto, ang full-day learning ay magbibigay ng trabaho sa karagdagang 3,800 guro at 20,000 early childhood na mga guro at ito'y mapapakinabangan ng humigit-kumulang sa 247,000 mga bata.

Mga Pamumuhunan sa Child Care

- Tutulong upang permanenteng punan ang gap na iniwan ng pederal na pamahalaan sa tulong ng pamumuhunan na nagkakahalaga ng $63.5 milyon bawat taon upang magpanatili ng 8,500 mga lugar para sa child care
  - Ang inisyatibong ito ay tutulong na siguraduhin na patuloy na makakakuha ang mga nagtratrabahong magulang ng mahusay na child care at mapanatili silang aktibo sa pagtratrabaho.

…/3

Pagkompleto ng Mga Pamumuhunan sa Nakakatulong na Imprastruktura

- Ang mga napakalaking pamumuhunan sa imprastruktura sa 2009-10 at 2010-11 ay tumutulong na lumikha at magpanatili sa mahigit na 300,000 mga trabaho
- Ayon sa Conference Board of Canada, ang karagdagang ginastos para sa imprastruktura, na dahil din sa mga bagong hakbang upang makatulong na labanan ang global recession, ay nakatulong sa pagtaas ng real GDP growth ng Ontario nang halos isang porsyentong punto sa 2009 at inaasahan itong magdagdag ng karagdagang 0.4 porsyentong punto sa 2010.

May Pananagutang Pamamahala

- Ito'y naglalaan ng isang makatotohanang at may pananagutang plano upang kalahatiin ang deficit makalipas ang limang taon at tanggalin ito makalipas ang walong taon.
- Ang forecast na deficit ay $21.3 bilyon para sa 2009-10 sa 2010 Budget – humusay nang $3.4 bilyon mula sa $24.7 bilyon deficit forecast na inilathala sa Fall *2009 Economic Outlook and Fiscal Review*
- Pagprotekta sa mga pampublikong serbisyo at paglaan ng mahirap na makuhang resources upang makatulong na panatilihin ang pagbigay ng serbisyo sa pamamagitan ng paglunsad ng batas na:
  - Magdaragdag sa kasalukuyang panahon ng walang pagbabago sa mga suweldo ng mga Miyembro ng Provincial Parliament; ang kasalukuyang isang taóng panahon ay gagawing tatlong taon
  - Mag-uutos na dalawang taóng walang pagbabago sa mga istruktura ng pagsusuweldo ng non-bargained na tauhan ng political at Legislative Assembly
  - Mag-uutos na dalawang taóng walang pagbabago sa mga istruktura ng pagsusuweldo para sa lahat ng non-bargained na mga empleyado sa Mas Malawak na Pampublikong Sektor at Pampublikong Serbisyo ng Ontario
  - Sa tulong ng mga hakbang na ito, hanggang $750 milyon ang maililipat sa pagpapanatili ng mga eskwelahan, mga ospital, at iba pang mga pampublikong serbisyo
- Pagbawas o walang pagbabago sa mga gastos para sa panloob na pamamahala sa mga antas para sa 2010-11 sa medium term na panahon
- Pagpapatuloy ng komprehensibong pagbabalik-aral sa mga programa at mga serbisyo ng pamahalaan ng Ontario
- May pananagutang pamamahala sa paglaki ng gastos sa health care, kabilang ang pagmungkahi ng mga pagbabago sa sistema ng gamot sa Ontario na magbibigay-daan sa mga mas mababang presyo para sa generic na gamot
- Pagpapabagal sa bilís ng pagpaplano at sa paggawa ng ilan sa mga proyekto ng pamahalaan, oras na nagtapós na ang pagpopondo para sa stimulus
- Pagbabago sa paghatid ng mga programa ng gobyerno upang pabutihin at gawing mas mahusay ang serbisyo sa kliyente
- Pagpapanatili ng taunáng paglaki ng gastos sa programa sa humigit-kumulang sa 1.9 porsiyento lampas ng 2012-13.

KARAGDAGANG IMPORMASYON

Basahin ang karagdagang impormasyon tungkol sa Ang 2010 Ontario Budget:

- Ang Darating na Ekonomiya at Pagbabalik-aral sa Pananalapi ng Ontario
- Paglikha ng mga Trabaho sa Pamamagitan ng mga Bagong Pamumuhunan sa mga Kolehiyo at mga Unibersidad at sa Northern Ontario
- May Pananagutang Pamamahala
- Ang Tax Plan ng Ontario para sa mga Trabaho at Paglago ng Ekonomiya

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga pamumuhunan ng pamahalaan ni McGuinty sa edukasyon, kalusugan, at iba pang mga sektor.

Basahin ang highlights ng Budget.

Basahin ito para sa karagdagang impormasyon tungkol sa planong Open Ontario ng pamahalaan.

-30-

PARA SA MGA KATANUNGAN NG MEDIA LAMANG:
Alicia Johnston, Minister's Office, 416 325-3645
Scott Blodgett, Ministry of Finance, 416 325-0324

Para sa mga katanungan ng publiko, tumawag sa 1-800-337-7222
(Libreng numero sa Ontario lamang)

ontario.ca/finance-news

Tagalog